PAUNAWA NG HALALAN

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang isang Pangkalahatang Halalang Munisipal ay gaganapin sa Lungsod ng Carlsbad sa Martes, ika-3 ng Nobyembre, 2020, para sa mga sumusunod na Opisyal para sa mga buong terminong apat (4) na taon:

Isang miyembro ng Konseho ng Lungsod – Distrito Blg. 2

Isang miyembro ng Konseho ng Lungsod – Distrito Blg. 4

Ang panahon ng nominasyon para sa katungkulang ito ay magsisimula sa Lunes, ika-13 ng Hulyo, 2020 sa ika-8 ng umaga at magsasara sa Biyernes, Ika-7 ng Agosto, 2020 sa ika-5 ng hapon.

Makukuha ang mga pakete ng kandidato sa Opisina ng Klerk ng Lungsod, 1200 Carlsbad Village Drive, Carlsbad, CA 92008. Para sa karagdagang impormasyon o upang magpa-iskedyul ng appointment upang makakuha ng isang Pakete ng Kandidato, mangyaring tawagan ang opisina ng Klerk ng Lungsod sa 760-434-2808.

Kung hindi maihahain ang mga papel ng nominasyon para sa isang nanunungkulang opisyal ng Lungsod bago lumampas ang Biyernes, ika-7 ng Agosto, 2020 sa ika-5 ng hapon, may hanggang ika-12 ng Agosto, 2020 ang mga botante upang magmungkahi ng mga kandidato maliban sa (mga) taong nanunungkulan pa hanggang sa ika-88 araw bago ang halalan, para sa inihahalal na katungkulan ng nanunungkulang opisyal na iyon. Ang pagpapalawig na ito ay hindi angkop kung saan walang nanunungkulan na karapat-dapat ihalal.

Kung wala o iisang tao lamang ang nominado para sa inihahalal na katungkulan, maaaring gawin ang paghirang sa inihahalal na katungkulan gaya ng iniaatas ng Seksyon 10229, Kodigo sa mga Halalan ng Estado ng California.

Ang mga botohan ay mananatiling bukas sa pagitan ng mga oras na ika-7 ng umaga at ika-8 ng gabi sa Martes, Ika-3 ng Nobyembre, 2020.

Sheila R. Cobian

SHEILA R. COBIAN, MMC
TAGAPAMAHALA NG MGA SERBISYO NG KLERK NG LUNGSOD

Pinetsahan: Ika-23 ng Hunyo, 2020